

LESSON 13
FROM SLAVERY TO SONSHIP

GALACIA 3:25-4:7

Subalit ngayong dumating na ang pananampalataya, tayo ay wala na sa ilalim ng tagasupil. ²⁶*Sapagkat kay Cristo Jesus, kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.* ²⁷*Sapagkat ang lahat na sa inyo na binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo.* ²⁸*Walang Judio o Griyego, walang alipin o malaya, walang lalaki o babae, sapagkat kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus.* ²⁹*At kung kayo'y kay Cristo, kayo nga'y mga binhi ni Abraham, mga tagapagmana ayon sa pangako.* ^{4:1}*Ganito ang ibig kong sabihin: ang tagapagmana, habang bata pa ay hindi nakahihigit sa mga alipin bagama't siya ang may-ari ng lahat,* ²*subalit siya ay nasa ilalim ng mga tagapangalaga at mga katiwala hanggang sa panahong itinakda ng ama.* ³*Gayundin tayo, nang tayo'y mga bata pa, tayo'y naalipin sa mga panimulang aral ng sanlibutan.* ⁴*Subalit nang dumating ang ganap na kapanahunan, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, at ipinanganak sa ilalim ng kautusan,* ⁵*upang tubusin ang mga nasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukop bilang mga anak.* ⁶*At sapagkat kayo'y mga anak, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, "Abba, Ama!"* ⁷*Kaya't hindi ka na alipin kundi anak; at kung anak, ay tagapagmana.*

PANIMULA

1. Bukod sa panahong ikaw ay naging Cristiano, ano pa ang isa sa pinakamalaking pagbabagong (mula sa di magandang katayuan tungo sa magandang katayuan) naranasan mo sa buhay? May mga panahon bang iniisip mong bumalik sa dati mong kalagayan? Bakit?

Tulay sa Pag-aaral: Kung naranasan na natin ang isang malaking pagbabago sa katayuan natin sa buhay mula sa isang hindi magandang katayuan tungo sa isang napakagandang katayuan, hindi natin iisipin na bumalik pa sa dati. **Dati tayo ay mga alipin dahil sa pagtiwala natin sa sarili natin ngunit ngayon ay mga anak na ng Diyos dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya natin kay Cristo.** Ito ang titingnan natin ngayon sa Galacia 3:25-4:7. Sa pag-aaral na ito, ikukumpara natin ang laki ng kaibahan ng kalagayan natin ngayon bilang mga anak ng Diyos sa kalagayan natin dati. Sa pamamagitan nito, malalaman din natin na isang kahibangan ang magnais o magtangka na bumalik pa sa dating kalagayan.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Galacia 3:25-29. Ayon sa verses 25-26, sino lamang ang maituturing na mga anak ng Diyos? Ano ang implikasyon nito sa pagtingin natin sa ating mga sarili? Sa ibang tao na wala pa kay Cristo?
3. Ayon sa verse 28, kung tayo ay mga anak na ng Diyos, ano ang epekto nito sa relasyon natin sa ating mga kapatid kay Cristo?
4. Ayon sa verse 29, paano mo isasalarawan ang laki ng pribilehiyo na ibinigay sa iyo ng Diyos bilang isa sa kanyang mga anak? Saan nanggaling ang lahat ng ito ayon sa verse 27? Ano ang dapat na maging epekto nito sa saloobin natin at relasyon natin sa Diyos?
5. Basahin ang Galacia 4:1-7. Ayon sa verses 1-3, ano ang kalagayan mo bago mo nakilala si Cristo? Paano mo ito ihalalintulad sa kalagayan mo na ngayon?
6. Ayon sa verses 4-5, ano ang layunin ng Diyos bakit niya ipinadala si Cristo? Ano ang isinasalarawan ng salitang "tinubos" (mula saan tungo saan)? Kung tayo'y mga inampon ng Diyos at itinuring na parang kanyang anak, ano ang dapat na saloobin natin patungkol sa Diyos at sa relasyon natin sa kanya?
7. Ayon sa verses 6-7, anu-ano ang mga malalaking kaloob sa atin ng Diyos dahil tayo'y kanyang mga anak? Paano ito napapatunayan sa karanasan natin sa araw-araw?

PAGSASABUHAY

8. May mga panahon ba na nakikita mo ang iyong sarili na parang bumabalik sa dati mong kalagayan? Paano makakatulong sa iyo ang napag-aralan ngayon sa mga panahong iyon?
9. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral na ito sa pakikitungo natin sa mga hindi anak ng Diyos?
10. Ano'ng gagawin mo sa darating na mga araw bilang tugon sa katotohanan na ikaw ay isa na sa mga anak ng Diyos?